Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**HANGO SA KATITIKAN NG IKA-4 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-25 NG HULYO, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.**

**MGA DUMALO:**

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez - - - - - - - - - - - Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**MGA KAGAWAD**

Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio
Igg. Jose Antonio V. Lava
Igg. Aron Ronald R. Cruz
Igg. Marbin J. Garcia
Igg. Christopher Aron C. Del Rosario
Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan
Igg. Rchie E. San Jose
Igg. Miguel Leonardo (SK)

**LAHAT AY DUMALO**

## KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 09 - 2022

**KAPASIYAHANG BAYAN NA NAGPAPAABOT NG PAKIKIRAMAY ANG PAMAHALAAG BAYAN NG BULAKAN SA PAMILYA NI GNG. RAQUEL VELASCO – BULALIN, DAY CARE TEACHER.**

May Akda: Igg Atty. Ana Marie V. Pagsibigan

**SAPAGKAT,** ang pamahalaang bayan ay kumikilala at pinahahalagahan ang lahat ng mga mabubuting gawa na nagpapakita ng pagpupunyagi sa iba't-ibang larangan, di matatawarang pagmamahal sa mamamayan na nakapagdaragdag sa kasaysayan ng bayan ng Bulakan;

**SAPAGKAT,** si Gng. Raquel Velasco - Bulalin ay nagsilbi sa Pamahalaang Bayan bilang Daycare Teacher sa loob ng Tatlumpu't – isang taon;

**SAPAGKAT,** si Gng. Raquel Velasco - Bulalin ay nagsilbing ilaw sa mga batang mag-aaral ng Barangay Maysantol, at nagpakita ng pambihirang dedikasyon sa kanyang propesyon bilang isang Daycare Teacher sa Barangay Maysantol.

**SAPAGKAT,** si Gng. Raquel Velasco - Bulalin ay namayapa noong ika-10 ng Hulyo, 2022 sa edad na 51 taong gulang;

**SAPAGKAT,** ang kanyang paglisan at pagsama sa piling ng poong lumikha ang naiwang tatak ng paglilingkod ay magsisilbing pandayan ng mga susunod pang nais maglingkod kaya't marapat lamang na gunitain, bigyan ng angkop na pagpapahalaga at mapapurihan ang pagiging huwaran bilang tunay na Bulakenyo;

**SA MUNGKAHI,** ni Igg. Aron Ronald R. Cruz na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

**IPINASYA,** Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasya Na Ang Kapasiyahang Bayan Na Nagpapaabot Ng Pakikiramay Ang Pamahalaag Bayan Ng Bulakan Sa Pamilya Ni Gng. Raquel Velasco – Bulalin, Day Care Teacher.

**PINAGTIBAY.**

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.

**JEFF C. TANSINSIN**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PAGPAPATUNAY:**

**Atty. REINA RICA C. SANCHEZ**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY:**

**AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO**
Kagawad

**JOSE ANTONIO V. LAVA**
Kagawad

**ARON RONALD R. CRUZ**
Kagawad

**MARBIN J. GARCIA**
Kagawad

**CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO**
Kagawad

**BIENVENIDO M. CRUZ JR.**
Kagawad

**Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN**
Kagawad

**RCHIE E. SAN JOSE**
Kagawad

**MIGUEL LEONARDO**
Kagawad (Ex-Officio-SK)

**PINAGTIBAY** at **NILAGDAAN:**

**VERGEL C. MENESES**
Punong Bayan
08-22-22